

COVID-19 Madalas Itanong tungkol sa Bakuna para sa mga Bata

Pinahintulutan ng FDA at CDC ang bakunang Pfizer/BioNTech COVID-19 para sa sinumang edad 5 pataas. Ang mga bakunang COVID-19 ay LIBRE para sa sinumang nakatira sa U.S. kahit wala kang health insurance o hindi ka U.S. citizen. Ang bakunang Pfizer ang tanging bakuna laban sa COVID-19 na pinahintulutan para sa mga bata sa panahong ito. Ang mga bakunang Moderna at Johnson & Johnson ay pinahintulutan para sa mga taong edad 18 pataas. Ang mga bakuna laban sa COVID-19 ay hindi lamang epektibo sa paghadlang na magkasakit, maospital, at mamatay kundi tutulungan din tayong makabalik sa ating normal na mga aktibidad. Gumagana ang mga bakuna laban sa mga bagong variant ng virus na natukoy sa ngayon. Ang mga taong pinipiling magpabakuna ay hindi lamang pinoprotektahan ang kanilang sarili mula sa virus, kundi tinutulungan din maprotektahan ang mga taong mahal nila tulad ng mga lolo't lola, guro, at kapatid na immunocompromised.



Utah Developmental
Disabilities Council.

Bakit kailangang mabakunahan ang mga bata?

Ang bilis ng pagkahawa ng mga bata sa virus ay katulad ng sa matatanda at nagkakasakit nga ang ilang bata nang sapat para kailanganin silang gamutin sa ospital.

Mahigit 600 bata sa U.S. ang namatay na dahil sa COVID-19. Ang virus ang isa sa nangungunang 10 dahilan ng pagkamatay ng mga bata sa U.S.

Matitindi o malulubhang side effect.

Bihira ang anaphylaxis, o allergic reaction sa bakuna. Ang ganitong mga uri ng reaksiyon ay laging nangyayari sa loob ng 30 minuto matapos mabakunahan. Ang mga bata ay maaaring mahirapan sa paghinga, mamaga ang mukha o lalamunan, mamantal sa katawan, o mahilo at manghina. Kaya nga mahalagang mamalagi nang 15-30 minuto matapos mabakunahan para matiyak ng medical staff na maayos ang lahat. Sinumang nagkaroon ng anaphylactic reaction matapos ang unang dosis ng bakuna ay hindi dapat magpaturok ng pangalawang dosis.



Paano kung ang anak ko ay nagkaroon na ng COVID-19?

Inirerekomenda na mabakunahan ang anak mo kahit dati na siyang nagkaroon ng COVID-19. Mas ligtas at epektibo ang pagbabakuna para magkaroon ng immunity kaysa magkasakit ng COVID-19. Tinatayang 43% lamang ng mga bata sa U.S. na wala pang 12 taong gulang ang may kaunting natural immunity.

Mayroon bang mga side effect?

Normal lang na magkaroon ng mga side effect matapos magpabakuna, tulad ng lagnat o pananakit ng braso. Bihira ang matitinding side effect. Maaaring sumama ang pakiramdam ng mga bata nang ilang araw matapos mabakunahan. Ang ilang bata ay walang mga side effect. Ang mga karaniwang side effect ay maaaring pangingiki, pagtatae, lagnat, sakit ng ulo, pagduduwal, o kapaguran.

Edad at Dosis.

Iba ang dosis ng bakuna para sa mga batang edad 5-11 kaysa sa dosis para sa matatandang at tinedyer. Ang bakuna para sa mga bata ay magkasunod na 2-dosis, na 3 linggo ang pagitan. Ang mga kwalipikasyon ng bakuna ay batay sa edad ng bata, hindi sa timbang. Kung mag-12 anyos ang anak mo sa pagitan ng kanyang una at pangalawang dosis, dapat siyang tumanggap ng dosis para sa bata sa unang turok at dosis para sa matanda sa pangalawang turok.

Sino ang HINDI DAPAT tumanggap ng bakuna laban sa COVID-19 ng Pfizer?

Ang bakuna laban sa COVID-19 ng Pfizer ay pinahintulutan at ligtas para sa mga taong 5 taong gulang pataas. Hindi dapat magpabakuna ang anak mo kung siya ay:

- Nagkaroon ng matinding allergic reaction o agarang allergic reaction matapos ang kanyang unang dosis ng bakuna.
- Nagkaroon ng matinding allergic reaction kahit hindi iyon matindi sa anumang sangkap sa bakuna. (mRNA, Lipids/fats, Sugar at mga acid stabilizer)

Maaaring bakunahan ang anak mo kahit nagkaroon na siya ng mga allergic reaction na walang kaugnayan sa mga bakuna o iniiniksyong mga gamot tulad ng pagkain, mga alagang hayop, lason, pangkapaligiran, o latex. Maaari din siyang bakunahan kung nagkaroon na siya ng mga allergy sa mga gamot na iniinom o may kapamilya siyang nagkaroon ng matitinding allergic reaction.

Ano ang Myocarditis?

Ang myocarditis ay pagbukol at pamamaga ng kalamnan ng puso o pericarditis, pamamaga ng lamad na nakapaligid sa puso matapos mabakunahan ng mRNA(Pfizer). Nakikita mo ito kadalasan matapos ang pangalawang dosis, na malamang na mangyari sa mga lalaking 12-17 taong gulang.

Ito ay isang malulubhang kalagayan ng kalusugan, pero maaaring gamutin. Karamihan sa mga pasyenteng may myocarditis o pericarditis ay tumutugon nang maayos sa gamot at pahinga at gumaganda agad ang pakiramdam.

Bhirang-bhirang magkaroon ng myocarditis matapos ang pagbabakuna, mga 54 kaso kada 1 milyong dosis.

Kadalasang lumilitaw ang mga sintomas ng myocarditis sa loob ng 7 araw matapos ang pagbabakuna. Ang mga sintomas ay maaaring sumasakit ang dibdib, kinakapos ng hininga, o pakiramdam na mabilis o kumakabog ang tibok ng puso. Walang mga namatay sa myocarditis na naiugnay sa mga pagbabakuna sa U.S. pero ito ay isang side effect na dapat mong bantayan sa mga anak mo.

Naging dahilan na ba ng mga isyu sa fertility ang mga bakuna laban sa COVID-19?

Walang datos na nagpapakita na nagiging dahilan ng pagkabaog o pagkalaglag ang mga bakuna. Maraming mapagkakatiwalaang organisasyon ang nagrerekomenda na mabakunahan ang mga buntis laban sa COVID-19. Ligtas na magpabakuna habang buntis at habang nagpapasuso. Maaaring mas mataas ang peligrong magkaroon ng matinding karamdaman ang mga buntis at dapat nilang kausapin ang kanilang doktor bago magpabakuna laban sa COVID-19.

Naging dahilan na ba ng anumang pagkamatay ang bakuna laban sa COVID-19?

Wala pang mga namatay na tuwirang dahil sa mga bakuna. Mula sa mahigit 423 milyong dosis ng bakunang naiturok sa U.S. mula Disyembre 2020 hanggang Nobyembre 2021, may naiulat nang 9,367 na namatay mula sa mga taong nabakunahan laban sa COVID-19. Inuutusan ng FDA ang mga medical provider na iulat ang lahat ng pagkamatay matapos ang pagbabakuna laban sa COVID-19, kahit hindi ang bakuna ang dahilan ng pagkamatay. Wala pang anumang mga pagkamatay mula sa anumang mga side effect, kahit bihira, mula sa mga bakuna laban sa COVID-19 ng Pfizer at Moderna.

Maaari bang tumanggap ng ibang mga bakuna ang anak ko na kasabay ng bakuna laban sa COVID-19?

Oo! Magandang panahon ito para tiyakin na up to date ka at ang anak mo sa iba pang mga pagbabakuna na kasabay ng pagbabakuna sa inyo laban sa COVID-19. Tanungin ang doktor ng anak mo tungkol sa mga side effect ng bawat bakuna, para alam mo kung ano ang aabangan. Maaaring maranasan ng anak mo ang mga side effect mula sa dalawa o maraming bakuna na magkasabay.

Hindi namin alam ang pangmatagalang epekto.


Maraming tao, pati na ang mga batang nagkaroon na ng COVID-19, ang patuloy na nagkakaroon ng mga sintomas matapos silang unang mahawa. Ang mga bata ay nag-uulat ng mga sintomas na nakakaapekto sa kanilang pang-araw-araw na buhay sa loob ng ilang linggo matapos mahawa, kahit hindi sila gaanong nagkasakit habang mayroon silang COVID-19.

Ang mga bata ay maaaring makaranas ng pagod, sakit ng ulo, sakit ng tiyan, sakit ng mga kalamnan at kasu-kasuan, at mahirapang makaalala at umintindi.

Kailan mo dapat tawagan ang doktor ng anak mo?

Mawawala ang karamihan sa mga side effect pagkaraan ng isa o dalawang araw. Pero dapat mong tawagan ang doktor kung -

- Lumala ang pamumula/pananakit ng tinurukang braso ng anak mo pagkaraan ng 24 na oras
- May di-pangkaraniwang mga sintomas o kumbinasyon ng mga side effect ang anak mo mula sa pagtanggap ng mahigit sa isang bakuna nang magkasabay (Ligtas magpabakuna laban sa COVID-19 na kasabay ng iba pang mga pagbabakuna!)
- Nag-aalala ka na parang hindi nawawala ang mga side effect sa anak mo pagkaraan ng ilang araw.



Dapat ko bang iulat ang anumang mga side effect na mayroon ang anak ko matapos tumanggap ng bakuna laban sa COVID-19?

Maaari mong iulat ang mga side effect sa iyo at sa anak mo matapos mabakunahan sa Vaccine Adverse Event Reporting System (VAERS) ng CDC. Maaari mo ring hilingin sa doktor mo na mag-ulat sa VAERS para sa iyo. Ang sistema sa pag-uulat ng CDC ay nakakatulong sa mga siyentipiko at dalubhasa sa medisina na agad matukoy ang di-pangkaraniwan o di-inaasahang paglitaw ng mga problema sa kalusugan na maaaring magpakita ng problema sa kaligtasan sa bakuna.